# Pagkalkula ng Mga Halagang Sinisingil sa Pangkalahatan

***Na-update: para sa Taon ng Pananalapi na 2023***

Nagbibigay ang Stanford Children's Health (SCH) ng pinansyal na tulong at kawanggawang pangangalaga sa mga pasyenteng nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado na nakabalangkas sa Patakaran sa Pinansyal sa Tulong (*Financial Assistance Policy* o FAP). Kapag naibawas na sa (mga) account ng pasyente ang adjustment para sa pinansyal na tulong batay sa patakaran, ang pasyente/guarantor na ang magbabayad para sa natitira pa na kailangan nilang bayaran na hindi dapat lalagpas sa mga halagang sinisingil sa pangkalahatan (*amounts generally billed* o AGB) sa mga indibidwal na may Medicare para sa pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga.

Tinutukoy ng Stanford Children's Health (SCH) ang AGB sa pamamagitan ng paggamit sa paraang "pagbabalik-tanaw". Kinakalkula ang porsyento ng AGB sa pamamagitan ng paggamit ng mga claim na pinayagan ng Medicare para sa mga serbisyo na may petsa ng discharge na mula sa nakaraang taon ng pananalapi (Setyembre – Agosto). Para sa mga claim na ito, hinahati sa nauugnay na kabuuang mga singil ang kabuuan ng lahat ng pinapayagang halaga ng reimbursement. Nailalapat ang porsyento ng AGB simula sa ika-1 ng Setyembre ng bawat taon.

**Ang AGB ng Stanford Children's Health (SCH) ay 11.82%**

Ilalapat ang porsyento ng AGB kung sakaling kailanganin ng pang-emergency na pangangalaga o medikal na kinakailangang pangangalaga para sa mga indibidwal na kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP. Ilalapat ang porsyento sa kabuuang mga singil para sa naturang pangangalaga upang matukoy ang maximum na halaga na personal na kailangang bayaran ng indibidwal kaugnay ng naturang pangangalaga.

## Matrix ng Diskwento ng Pasyente

| | Kita ng Pamilya bilang % ng FPL | Diskwento para sa Mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo o Pang-emergency na Pangangalaga |
|---|---|---|
| **Hindi Insured na Pasyente** | <400% FPL | 88.18% |
| **Underinsured na Pasyente** | <400% FPL | 88.18% |
| **Balanse pagkatapos Magbayad ng Insurance** | <400% FPL | Anumang sagutin ng pasyente pagkatapos magbayad ng insurance, maliban sa mga hindi saklaw na singil |
| **Kawanggawang Pangangalaga** | <400% FPL | 100% |
| **LAHAT** | >400% FPL | Walang Diskwento |

*Tandaan: Sinusuri ang mga kaso ng Kawanggawang Pangangalaga nang batay sa sitwasyon. Dapat matugunan ng pasyente ang mga alituntunin sa Kawanggawang Pangangalaga at Kita ng Pamilya bilang porsyento ng FPL upang maging kwalipikado para sa Kawanggawang Pangangalaga, seksyon IV.D ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong (FAP).